# 3rd Quarter: Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa

**Aralin 4**

**Layunin:** Napapanatili ang pagkamabuting mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng pakikilahok **(EsP5PPP - IIIb - 25)**

**Paksa/Pagpapahalaga:** Pananagutan

**Mga Kagamitan:** larawan

**Integrasyon:** Araling Panlipunan

**Pamamaraan:**

**Alamin Natin (Day 1)**

Ipakita at ipaawit ang "Bayan Ko"

1. Ano ang mensahe ng awit?
2. Ayon sa awit, bakit nahikayat ang mga dayuhan sa Pilipinas?
3. Saan ikinumpara ang Pilipinas?
4. Ano ang nais ng sumulat na mangyari sa Pilipinas?

**Isagawa Natin (Day 2)**

Pangkatin ang mga mag-aaral, bawat grupo ay magpapakita ng pagkamabuting mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng role playing, yell, news style, tula at paawit. Pagpepresent ng bawat grupo.


**Isapuso Natin (Day 3)**

Pagawain ng likhang sining ang mga mag-aaral na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng pagiging mabuting mamamayang Pilipino.

**Isabuhay Natin (Day 4)**

Narinig mo sa isang talakayan na maraming mga Pilipino sa ibang lugar ang di gumagawa ng mabuti. Bilang kabataan, papaano mo maiaangat ang iyong bansa sa mga balitang ito na di kalugud-lugod sa pagiging Pilipino.

**Subukin Natin (Day 5)**

Lagyan ng  kung tama ang isinasaad ng pangungusap at  kung hindi.

1. Laging makikiisa sa programa ng pamahalaan.
2. Umiwas sa mga gawaing pambayan.
3. Makibahagi sa pagpapaunlad ng inyong barangay.
4. Hindi dapat maniwala na ang pagkakaisa ay pag-unlad.
5. Handang tumulong sa mga kapwa mamamayan.

Batiin ang mga mag – aaral pagkatapos ng aralin at ihanda sa susunod na leksiyon. Maaaring magbigay ang guro ng takdang – aralin kung kinakailangan.